

Magandang hapon, mga Pamilya at Kawani ng ASD,

Mayroon akong bagong impormasyon na ibabahagi tungkol sa mga solusyon sa ating krisis sa kakulangan ng drayer ng bus.

Ako'y tunay na nasasabik na magbahagi ngayon. Ang Distrito at ang ating mga kasosyo sa Joint Base Elmendorf-Richardson (JBER) ay pinagtibay ang isang kasunduan na payagan ang mga active duty Airmen sa 673rd Logistics Readiness Squadron na maghatid ng mga mag-aaral na pumapasok sa paaralan sa base para sa susunod na 90 araw. Ang mga drayber ay nasa pagsasanay na sa ASD at handa nang magmaneho sa Setyembre 1!

Sa pamamagitan lamang ng pagkakasosyo na ito, magkakaroon tayo ng karagdagang apat na drayber sa mga kalye.

Tayo ay nasa landas upang magkaroon ng sapat na tauhan sa pagitan ngayon at Oktubre batay sa kasalukuyang direksyon at pag-unlad na mga ito. Gayunpaman, tayo ay nangangailangan pa rin ng mga drayber

Kasalukuyan tayong may 162 na mga drayber ng bus na aktibo sa mga ruta at may 25 pa sa pagsasanay. Kasalukuyan kaming nakikipanayam sa 21 na mga potensyal na kandidato. Bukod pa rito, magkakaroon tayo ng 17 na huli sa pagbalik na mga drayber na sasama sa atin pagsapit ng Setyembre 19. Nag-aalok kami sa mga bagong drayber ng bus nang hanggang \$2,500 na dagdag at mga bagong bus attendant ng hanggang \$500 na dagdag para sa unang semestre ng 2022-23 taon ng pag-aaral. Upang malaman nang higit pa tungkol sa pagiging drayber ng bus, mag-click [dito](#).

Habang patuloy na sumasakay ang mga bagong drayber, sinunod namin ang mga priyoridad sa pagpapanumbalik ng ruta upang magdagdag ng mga karagdagang drayber, bus, at pasahero na estudyante pabalik sa mga ruta. Isinasaalang-alang namin ang kaligtasan, mga pangangailangan ng mag-aaral, at kahusayan kapag ibinabalik ang mga ruta.

Bilang karagdagan sa mga drayber ng bus, malapit na kayong makakita ng mga bagong mukha sa inyong cross walk at sa inyong bus. Halos 2,000 katao ang nag-sign up para magboluntaryo sa ASD. Karamihan sa mga aplikante ay gustong tumulong bilang katulong sa bus at bantay sa pagtawid. Ang mga pagsisikap na ito ay pinangunahan sa pakikipagtulungan sa atin ng Anchorage School Business Partnership Program. Ito ay isang napakalaking tugon mula sa ating mga kapitbahay at ako ay labis na nagagalak na makita ang komunidad na sumulong na tumugon. Salamat!

Nakagawa tayo ng pag-unlad upang maibsan ang ilang pagsisikip ng trapiko. Mula nang magsimula ang pasukan sa paaralan, nakipagtulungan kami sa ating mga kasosyo sa transportasyon sa Munisipyo ng Anchorage at Estado ng Alaska upang tukuyin ang mga lugar na may pinakamatinding kasikipan ng trapiko at gumawa ng mga pagbabago. Halimbawa, ang interseksyon ng Abbott at Elmore na ang daloy ng trapiko ay naging mas mabilis ng 30 minuto kaysa noong nakaraang linggo.

Sa pag-unawa na ito ay isang sistematikong isyu at isang pambansang isyu, naglunsad ako pag-audit ng ikatlong patido sa mga operasyon upang matiyak na hindi na ito mauulit. Kabilang dito ang posibleng paggamit ng makabagong teknolhiya sa pagruruta. Ang lahat ng mga pagpipilian ay nananatiling tatalakayin kabilang ang mga oras ng pagsisimula ng paaralan, dahil ang epekto ay maaaring magpalaya ng higit pang mga drayber. Marami pang darating tungkol diyan habang nagsasaliksik tayo ng mga posibilidad.

Sa wakas, sa Lunes, ika-12 ng Setyembre, lilipat tayo sa Cohort 2. Makakaasa kayo ng bagong impormasyon mula sa amin sa susunod na linggo kung ano ang ibig sabihin nito para sa trapiko at mga ruta ng bus. Pansamantala, maaari kayong manatiling may kaalaman sa pinakabagong impormasyon sa pamamagitan ng ating [FAQ webpage sa transportasyon ng bus](#). Nagdagdag kami ng bagong impormasyon.

Salamat sa inyong pasensya at kabaitan sa mapanghamong panahong ito. Sa buong komunidad, nakakita at nakarinig ako ng mga kuwento ng mga taong nagtutulungan upang ligtas na maihatid ang ating mga mag-aaral sa paaralan.

Sana magkaroon kayo ng isang ligtas at kasiya-siyang katapusan ng linggo.

Best,

Dr. Jharrett Bryantt, Ed. D.

Superintendente

Anchorage School District